ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 21

NAG-AATAS SA IMPLEMENTASYON NG "SABAYANG PATAK KONTRA POLIO (SPKP)" SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, nagdeklara ang Kagawaran ng Kalusugan ng *"polio pandemic"* sa Pilipinas noong Setyembre 19, 2019, kung saan ang pinakaunang kaso na naitala ay sa rehiyon ng Gitnang Luzon;

SAPAGKAT, noong Oktubre 22, 2019 ay nag-isyu ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ng *Memorandum Circular No. 2019-178* na may pamagat na, *"Intensified Campaign Against Polio";*

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Kalusugan ay nag-isyu ng *Memorandum Circular No. 2020-003* noong Marso 9, 2020 na may pamagat na, *"Interim Guidelines for the Implementation of Polio Type 2 (mOPV2) Epidemic Response Immunization in Central Luzon"*;

SAPAGKAT, kinakailangan ang pagtatatag ng isang *Emergency Operations Center Structure* para sa implementasyon ng SPKP sa Bayan ng Marilao;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. IMPLEMENTASYON NG "SABAYANG PATAK KONTRA POLIO" SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN. - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay itinatatag ang ***Emergency Operations Center Structure*** para sa implementasyon ng "Sabayang Patak Kontra Polio", (*SPKP Team* para sa kaigsian), na binubuo ng mga sumusunod:



Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 21
Nag-Aatas sa Implementasyon ng "Sabayang Patak Kontra Polio (SPKP)"
sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan

SESKYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang SPKP Team ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Magtakda ng mga pulong at konsultasyon para sa implementasyon ng SPKP;

b. Tiyakin ang epektibong pagganap at pagtalima sa lahat ng itinatadhana ng *Memorandum Circular No. 2020-003* at SPKP *Activity Plan* mula sa Kagawaran ng Kalusugan;

c. Magsagawa ng mga patakaran, pamamaraan at mga estratehiya sa pagsasagawa ng mga nabanggit na responsibilidad, kasama ang iskedyul ng lahat ng pagpupulong at konsultasyon; at

d. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.

SEKSYON 3. KOORDINASYON SA MGA TANGGAPANG PANG-NASYUNAL. Ang SPKP Team ay palagiang makikipag-ugnayan sa mga tanggapang pang-nasyunal na bahagi ng implementasyon gaya ng Kagawaran ng Kalusugan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at iba pang kaugnay na ahensya.

SESYON 4. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng SPKP Team ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino kung kinakailangan. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 6. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 7. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**23** ng **Hulyo**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan